

MGA ALITUNTUNIN NG PAGTUKOY SA MAGANDANG DAHILAN

Ang pagtukoy sa magandang dahilan ay isang mahalagang bahagi ng proseso ng hindi pagsunod. Nagbibigay ito sa iyo at sa tatanggap na magharap ng impormasyon na may kaugnayan sa problema ng hindi paglahok at kadalasan ay maaaring humantong sa ipinagpatuloy na paglahok at ang pag-iwas na mawala ang tulong na pera.

Sa panahon ng panayam: 1) Ipaliwanag ang magandang dahilan at mga proseso ng pagsunod; 2) Tanungin kung bakit hindi sumunod ang tatanggap sa mga kinakailangan ng programa; 3) Tukuyin ang mga halimbawa ng magandang dahilan at alamin kung ang problema ng paglahok ay dahil sa isa sa mga halimbawang ito o anumang iba pang magandang dahilan. Kung oo, at napatunayan ang dahilan na iyon; 4) Alamin kung paulit-ulit na nakakaranas ang tatanggap ng mga hadlang sa paglahok. Kung oo, ang tatanggap ay mayroong kasalukuyang problema at dapat suriin upang malaman kung dapat ba siyang huwag isama o kung kinakailangan ng referral sa mga serbisyo para sa kalusugan ng isip, pang-aabuso sa droga o alak, karahasan sa tahanan, o kapansanan upang matuto.

MGA HALIMBAWA NG MAGANDANG DAHILAN:

- Pansamantalang karamdaman (suriin para hindi isama kung mahigit sa 30 araw)
- Pansamantalang karamdaman ng anak o miyembro ng pamilya (suriin para hindi isama kung mahigit sa 30 araw)
- Mga detalye ng pag-aayos ng transportasyon
- Kakulangan ng pangangalaga sa bata
- Kakulangan ng naaangkop na pangangalaga sa batang may espesyal na mga pangangailangan
- Mga detalye ng pag-aayos ng pangangalaga sa bata
- Kakulangan ng access sa matutuluyan, pagpapayo o iba pang mga serbisyo
- Kawalan ng Bahay
- May pumanaw sa pamilya
- Malubhang krisis sa pamilya
- Mga hadlang sa pisikal na access para sa may kapansanan
- Pinigilan ng lindol o matinding kondisyon ng panahon ang pagbibiyaha o pagdalo
- Mga kapansanan upang matuto na mga dahilan sa kabiguang lumahok
- Mga legal na kahirapan
- Mga pagharap sa korte
- Pansamantalang pagkakabilanggo
- Pagiging malayo mula sa mga akitibidad ng Welfare-to-Work
- Mga hadlang sa wika
- Diskriminasyon batay sa edad, lahi, relihiyon, bansang pinagmulan, sekswal na oryentasyon o kapansanan sa katawan o isip
- Ang trabaho o ang inaalok na trabaho ay lumalampas sa araw-araw o lingguhang oras ng trabaho na karaniwan sa trabaho
- Paglabag ng mga pamantayan ng kaligtasan sa kalusugan at kaligtasan
- Walang insurance para sa kabayaran sa mga manggagawa
- Ang pagtanggap ng trabaho o paglahok sa isang aktibidad ng trabaho ay magdudulot ng pagkaantala sa isang inapubahang aktibidad ngedukasyon o pagsasanay sa trabaho (maliban sa karanasan sa trabaho o paglilingkod sa komunidad)
- Paglabag ng pagiging miyembro ng unyon

Mga palatandaan ng Pang-aabuso sa Droga o Alak:

(Pagsusuri para hindi isama kung humahadlang nang malaki sa kakayahang lumahok sa Welfare-to-Work)

- PAUULIT-ulit na mga problema sa kalusugan
- Pagbagsak sa drug test ng employer
- Kasaysayan sa pamilya o bata ng pang-aabuso sa droga o alak
- Hindi regular na pagtigil sa pag-inom ng alak

Mga Palatandaan sa Kalusugan ng Isip:

- Paulit-ulit na pagiging walang tahanan
- Kasaysayan ng hindi regular o paminsan-minsan na pagtatrabaho
- Paulit-ulit na mga problema sa pamilya o relasyon
- Pagkabalisa
- Matinding depresyon

Mga palatandaan ng Pang-aabuso sa Tahanan:

- Kasalukuyan o nakaraang karahasan o panliligalig (sekswal, pisikal o emosyonal)
- Takot sa pang-aabuso o sa nang-aabuso
- Sabotahe mula sa nang-aabuso kapag tinangkang maging malaya ng biktima
- Humahadlang ang nang-aabuso sa trabaho o aktibidad ng Welfare-to-Work
- Nag-aalala para sa kaligtasan ng mga anak
- Kawalan ng mga naaangkop na serbisyo
- Mga problema dahil sa pang-aabuso sa Katawan/Isip/ Droga o Alak
- Matinding depresyon at/o pagkabalisa
- Mga problema na may kaugnayan sa pagtira sa pansamantalang pabahay o sa isang matutuluyan
- Mga legal na problema tulad ng mga restraining order, diborsyo, mga pagharap sa korte, atbp.
- Biktima ng isang stalker
- Kawalan ng Bahay
- Kakulangan ng sistema ng suporta (pagbubukod)
- Stockholm Syndrome (pakikisama sa dumakip)
- Pagkontrol sa kabuhayan (itinatago o kinokontrol ng nang-aabuso ang pera, mga checkbook, mga ipon, atbp.)

Iba Pang Mga Magandang Dahilan: Sa bawat kaso, ayon sa tinukoy ng county, anumang iba pang dahilan na pansamantalang pumipigil o nakakaapekto nang malaki sa kakayahan ng tatanggap na magtrabaho nang regular o pumunta sa mga aktibidad ng Welfare-to-Work.